7

# Lingguhang Aralin sa Filipino

Kuwarter 3
Aralin
7

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Modelong Banghay Aralin sa Filipino Baitang 7**
**Kuwarter 3: Aralin 7 (para sa Ikapitong Linggo)**
**SY 2024-2025**

Ang materyal na ito ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro na kalahok sa pilot implementation ng MATATAG K to 10 Curriculum sa School Year 2024-2025. Layunin nito na tumulong sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at mga kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pamamahagi, pagbabago, o paggamit ng materyal na ito labas sa itinakdang saklaw ay mahigpit na ipinagbabawal at maaaring magresulta sa angkop na mga mga legal na hakbang at kaparusahan.

Ang mga akda na ginamit sa materyal na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahinulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga bumuo ng materyal ang karapatang-aring iyon.

**Mga Tagapagbuo**

**Manunulat:**
- Rachel C. Payapaya (Philippine Normal University-Mindanao)

**Tagasuri:**
- Joel C. Malabanan, Ph.D. (Philippine Normal University - Manila)

**Konsultant:**
- Voltaire M. Villanueva , Ph.D. (Philippine Normal University - Manila)

**Mga Tagapamahala**
Philippine Normal University
Research Institute for Teacher Quality
SiMMER National Research Centre

Pinagsikapang tiyakin ang kawastuhan ng mga impormasyon na nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaari pong sumulat o tumawag sa Tanggapang ng Direktor ng Bureau of Learning Resources sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 at 8631-6922 o sa pamamagitan ng email sa blr.od.@deped.gov.ph.


| **I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN** | |
|---|---|
| **A. Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ng mga mag-aaral ang kasanayang komunikatibo, malikhain, at kritikal na pag-unawa at pagsusuri ng mga tekstong Pampanitikan (Tuluyan) sa Panahon ng Katutubo at tekstong impormasyonal (eskpositori) para sa paghubog ng kaakuhan at pagpapahalagang Pilipino, at pagbuo ng mga teksto sa iba't ibang paraan (multimodal) para sa tiyak na layunin, pagpapakahulugan, at target na babasa o awdiyens. |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Nakabubuo ng *brochure* para sa bayograpikal na sanaysay ng isang tauhan sa binasang akda na isinasaalang- alang ang elemento ng biswal at multimodal na may paglalapat ng kasanayang komunikatibo at etikal na kasanayan at pananagutan. |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | • Nakabubuo ng isang bayograpikal na sanaysay sa isa sa mga tauhan ng epikong bayan sa pamamagitan ng tekstong multimodal (katulad ng *comic book brochure*).<br>*a. Natutukoy ang tiyak na tauhang itatampok sa sanaysay.*<br>*b. Naitatala ang mga tiyak na dayalog at caption sa istrip na makapaglalarawan sa tauhan.*<br>*c. Naiguguhit ang imahen/ larawan ng tauhan batay sa mga pangyayari at dayalog (ilustrasyon ng tauhan, tema, panel, gutter) na kinasangkutan nito.*<br>*d. Nakabubuo ng burador ng disenyo at pabalat ng comic book brochure gamit ang mga elementong biswal.*<br>*e. Natutukoy ang tiyak na tipo ng brochure na paglalapatan ng sanaysay.*<br>*f. Naibabalangkas ang mga tiyak na dayalog, caption (istrip at dayalog) na makapaglalarawan sa tauhan .*<br>*g. Nakapagsasagawa ng pagdisenyo/pag-aanyo ng comic book brochure (tipo, sulat, tupi, at kulay) .*<br>*h. Nakabubuo ng borador para sa comic book brochure gamit ang mga elementong biswal.*<br>*i. Natutukoy ang mga elemento ng comic book brochure na paglalapatan ng sanaysay.*<br>*j. Nakapagsasagawa ng pinal na pagdisenyo/ pag-aanyo ng comic book brochure batay sa elemento nito.* |
| **D. Nilalaman** | • Bayograpikal na Sanaysay<br>-Tauhan ng epikong bayan<br>• Pagsapinal ng Comic Book Brochure |

| **E. Integrasyon** | • Etikal na pananagutan<br>• Responsableng pamamahayag<br>• *Gender and Development* |
|---|---|

**II. Batayang Sanggunian sa Pagkatuto**


- Bantugan Komiks. Retrieved from https://www.google.com/search?sca_esv=4a15a4908bf04efe&hl=en&sxsrf=ACQVn09uyKA6abbvguNpX8oqt5c5koNPrw:1708665935623&q=Bantugan+komiks&tbm=isch&source=lnms&sa=X&ved=2ahUKEwihqofR3MCEAxVqZvUHHRVCCm8Q0pQJegQIDBAB&biw=1440&bih=752&dpr=1#imgrc=dwbyzbdMDZo-HM
- Bugan at Wigan Komiks. Retrieved from https://www.storyboardthat.com/storyboards/prinsz/komiks--nagkaroon-ng-anak-sina-wigan-at-bugan#
- Cabardo, R., Dy, J. L., Ipaz, J. P., & Bejison, R. M. (2022). *Tuon-Dunong: Batayang Aklat at Modyul sa Filipino 8* (V. M. Villanueva, Ed.) [Filipino]. Johnny and Hansel Publications.
- How to Make a Brochure. Retrieved from https://www.youtube.com/watch?v=ukLIYgRloWU
- How to Make a Mini-comic. Retrieved from https://www.youtube.com/watch?v=xTas-HUf9Wk
- Komisyon sa Wikang Filipino. (2021). Filipino at Katutubong Wika sa Dekolonisasyon ng Pag-iisip ng mga Pilipino. https://www.bsp.gov.ph/Media_And_Research/Public_Advisories/Paliwanag-sa-Tema-ng-Buwan-ng-Wika.pdf
- Matatag Curriculum (2024). Phased implementation of the Matatag curriculum. Retrieved from https://www.deped.gov.ph/matatag-curriculum/
- Mga Epiko ng Pilipinas. Retrieved from https://www.kapitbisig.com/philippines/tagalog-version-of-epics-mga-epiko-bantugan-epikong-mindanao_607.html
- Reyes, B. (2014). Bahagi ng pahayagan. Retrieved from https://www.slideshare.net/BernadethReyes/bahagi-ng-pahayagan-36855506
- Santiago, L. (2007). *Mga Panitikan ng Pilipinas*. C & E Publishing Inc. Quezon City.
- Villanueva, V. M. (2018). *#ABKD: Ako Bibo Kase Dapat (Alpabeto ng Inobatibo at Makabagong Guro ng Araling Panlipunan, Edukasyon sa Pagpapakatao, at Filipino)*. VMV Publishing House. Makati: Bangkal.
- 4-Panel Folding. Retrieved from https://www.youtube.com/watch?v=ARIhshQf8v0


| **III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO** | **MGA TALA sa GURO** |
|---|---|

| | | |
|---|---|---|
| **A. Pagkuha ng Dating Kaalaman** | **1. Maikling Balik-aral**<br><br>**BALIK-TANAW:** Natatandaan pa ba ang mga epikong bayan na natalakay sa unang kuwarter? May halimbawang ibinigay sa unang bilang. Dagdagan ang listahan sa ibaba.<br>***(Tingnan ang kahon sa pahina 1 ng Sagutang Papel)***<br><br>**BIGKAS-DAYALOG:** Isulat sa lobo ng dayalog ang linya ng isa sa mga tauhan ng epikong nabasa. Pumili ng isang dayalogo at bigkasin ito sa klase nang may damdamin. Tingnan ang halimbawa.<br><br>**PASA-KUWENTO**: Gagawa ng malaking bilog ang klase. Ang guro ang magsisimula ng epiko at dudugtungan ito ng mga mag-aaral. May bolang ipapasa- pasa habang may umaawit o tugtog.. Paghinto ng awit o tugtog, ang may hawak ng bola ang siyang magdudugtong sa epiko hanggang mabuo ito.<br> | Unang Araw, Linggo 7<br><br>Maaaring pagpipilian ang mga inilahad na mga gawain.<br><br>Kung hindi pa natapos ang pagtatanghal ng balita sa linggo anim ay maaaring ipagpatuloy ito sa bahaging balik-aral.<br><br>Maaaring dagdagan ang bilang ayon sa mga nabasang epiko ng mga bata.<br><br>Kung walang bola ay maaaring gumamit ng ibang bagay na ligtas ipapasa-pasa. Maaaring aaawit ng mga awiting bayan habang isinasagawa ang pasa-kuwento.<br><br>Kuha ang larawan mula sa |

<table>
<tr>
<td>

**B. Paglalahad ng Layunin**
</td>
<td>

**1. Panghikayat na Gawain**

**Gawin ang sumusunod na paraan sa interaktibong talakayan:**

**LINYANG HUGOT:** Sagutin ang mga tanong. May halimbawa sa unang bilang.

| LINYA | HUGOT |
|---|---|
| 1. Sanaysay ka ba? Bakit? | Kasi ikaw ang nag-iisang pokus sa buhay ko. |
| 2. Epiko ka ba? Bakit? | |
| 3. Komiks ka ba? Bakit? | |
| 4. *Brochure* ka ba? Bakit? | |
| 5. Kuwento ka ba? Bakit? | |

**TAMBAL-TAUHAN:** Kilala mo ba? Sila ay mga pangunahing tauhan ng epikong bayan. Itambal ang larawan sa Hanay A sa angkop na pangyayari sa Hanay B. Isulat ang sagot sa patlang.

***(Tingnan ang gawain sa pahina 4 ng Sagutang Papel)***

**2. Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin**

Magiging makabuluhan ang isang proyekto kagaya ng *comic book brochure* tungkol sa napiling pangunahing tauhan ng isang epiko kapag ito ay maipapakita at maibabahagi sa napiling *platform*. Huwag lamang kalimutang sundin ang etikal na pananagutan sa pagbuo at pagbabahagi ng *brochure* kagaya ng mga sumusunod:

(a) *Pagiging tapat at tumpak*. Dapat wasto ang paglalarawan sa napiling tauhan ng epiko. Hindi dapat maglagay ng maling impormasyon o hindi totoo.

(b) *Tamang pagkilala.* Magbigay ng tamang pagkilala sa gawa o likha ng iba.
</td>
<td>

https://www.google.com/search?q=picture+of+a+teacher+holding+a+ball+free+download&tbm=isch&hl=en&chips=q:picture+of+a+teacher+holding+a+ball+free+download,online_chips:clipart:MsAID0r2Ol8%3D&sa=X&ved=2ahUKEwjTtcim5ZeEAxWCXvUHHQLRBbwQ4lYoAHoECAEQNQ&biw=1436&bih=752#imgrc=kG2KwK-9_uZK9M&imgdii=KP7_A-nwutWF2M

Maaaring pagpipilian ang mga inilahad na mga gawain.
</td>
</tr>
</table>


(c) *Pagpapahalaga sa kultural na sensibilidad.* Maging maingat sa paggamit ng kultural na elemento. Isaalang-alang ang sensitibidad ng mga pangkat o grupo na maapektuhan sa ginawang *comic book.*

(d) *Pagpapahalaga sa kalidad.* Kailangang mataas ang kalidad sa pagsunod sa tamang elemento at disenyo sa pagbuo ng *brochure.* Ito ay nagpapakita ng pagpapahalaga na rin sa mga mambabasa.

(e) *Pagrespeto sa mga karakter*. Igalang ang mga karakter sa epiko. Hindi dapat gamitin ang kanilang pangalan o kuwento ng hindi naaayon sa kanilang pagkatao o personalidad.

Ang pagbabahagi ng epiko sa pamamagitan ng *comic book brochure* ay isang pagkilala at pagbibigay-halaga sa kultura at identidad ng ating bayan. Mahalagang tandaan ang mga etika sa proseso ng pagsasagawa ng proyekto upang mapanatili ang integridad at kahalagahan ng mga epiko sa kasalukuyan at sa hinaharap.

**GABAY-TANONG:** Isaalang-alang ang mga gabay na tanong upang matamo ang mga layunin.




**3. Paghawan ng Bokabolaryo sa Nilalaman ng Aralin**

***(Tingnan ang mga tanong sa pahina 5-6 ng Sagutang Papel)***

Sagot
1. C
2. B
3. A

**Kaugnay na Paksa 1: Pagbuo ng Sanaysay sa Pamamagitan ng *Comic Book Brochure***

Ikalawang Araw, Linggo 7

1. **Pagproseso ng Pag-unawa**

**TSEK o EKIS-:** Ito ay isang pagsusubaybay sa inyong gagawing proyekto. Lagyan ng tsek **(/)** kung nagawa na at ekis **(x)** naman kung gagawin pa ang bawat pahayag. Kung may tanong o paglilinaw ay maaaring isulat ito sa piraso ng papel o *sticky notes* at idikit sa Pader ng Katanungan.

| Mga Gawain | Tsek (/) (Nagawa na) | Ekis (x) (Gagawin pa) | Puna/Plano/ Iskedyul |
|---|---|---|---|
| 1. Natukoy ang pangunahing tauhan mula sa nabasang epiko na itatampok sa sanaysay. | | | |
| 2. Nakasulat ng sanaysay na isinasaalang-alang ang mga elementong biswal at multimodal. | | | |
| 3. Nakabuo ng *story board.* | | | |
| 4. Natukoy ang tiyak na tipo ng *brochure* na gagamitin. | | | |
| 5. Nailista ang tiyak na dayalog at *caption.* | | | |
| 6. Naiguhit ang imahe o larawan ng tauhan. | | | |
| 7. Nakagawa ng disenyo ng *comic book brochure.* | | | |
| 8. Nakabuo ng borador. | | | |
| 9. Naipakita sa kaklase ang borador. | | | |

2. **Pinatnubayang Pagsasanay**

**PATNUBAY-UNAWA:** Malaking tulong ang pagbuo ng *story board* upang maging mas organisado ang gagawing *brochure.* Basahin ang tala at gamiting patnubay para sa gagawing proyekto.

**Pagbuo ng Story Board**


Maaaring magdagdag ang guro ng iba pang etikal na kasanayan at pananagutan.

| | | |
|---|---|---|
| | Ang pagbuo ng *story board* para sa gagawing *comic book brochure* ay isang mahalagang hakbang upang maging maayos ang mga pangyayari at impormasyon sa likhang sining. Sa bawat hakbang, inaasahang magiging maingat dahil ito ang magbibigay-daan na magiging malinaw, kapani-paniwala, at epektibo ang likha.<br><br>Gawing gabay ang panuntunan sa ibaba:<br><br>**A**<br>***a. Ano ang story board?***<br>**b. Paano bumuo nito?**<br>**c. Ano ang posibleng hamon sa pagbuo ng *brochure* at paano ito**<br><br>1. **Pag-aaral ng epiko**. Suriin at pag-aralan ang napiling pangunahing tauhan sa epikong napili. Alamin ang kanyang pinagmulan, karanasan, mga tagumpay, at mga pagsubok na nadaanan. Tukuyin na rin ang tauhang itatampok sa komiks.<br><br>2. **Pagsasaayos ng pangunahing tala.** Isulat ang mga pangunahing punto sa buhay ng napiling tauhan. Ito'y mga mahahalagang pangyayari, kaugalian, pagbabago, o paglalakbay ng bida.<br><br>3. **Pagbuo ng *outline*.** Bumuo ng *outline* ng sanaysay at comic brochure. Isaalang-alang ang mga bahagi tulad ng simula, gitna at wakas. Ilagay ang mga pangyayaring nais isama sa komiks.<br><br>4. **Pagpili ng mga pangyayari.** Piliin ang mga pangyayari o eksena na pinakamahalaga at nagpapakita ng pag-unlad ng kuwento. Piliin ang mga yugtong nais bigyang diin.<br><br>5. **Pag-aayos ng mga eksena.** Tukuyin kung pa-kronolohiya ba ang paglalahad. Maaaring linyar na pagkakasunod-sunod o retrospektibo na paglalahad, o iba pang teknik na nagpapakita ng malinaw na daloy ng kuwento.<br><br>6. **Pagguhit ng *thumbnail* o *sketches*.** Gumuhit ng maliit na *thumbnails o sketches* ng bawat eksena o yugto sa iyong *story board*. Ito'y maaaring simpleng *outline* lamang ng bawat *frame* na nagpapakita ng mga pangyayari sa tauhan. | Sagot:<br>1. D<br>2. B<br>3. B<br>4. C<br>5. D<br>6. D<br><br>Maghanda ng *cartolina o Manila paper*, *post it/ sticky notes*, at pandikit para sa Pader ng Katanungan. Dito ididikit ng mga bata ang kanilang mga tanong. |

| | | |
|---|---|---|
| **C. Paglinang at Pagpapalalim** | B<br>**a. Ano ang mga etikal na pananagutan sa pagbuo ng proyekto?**<br>**b. Ano ang dulot na kahalagahan ng proyektong nagawa?**<br><br>7. **Pagsulat ng teksto.** Isulat ang mga teksto at dayalogo sa bawat *frame* o eksena sa iyong *story board.* Tiyakin na malinaw at komprehensibo ang paglalarawan ng mga pangyayari at emosyon ng pangunahing tauhan.<br><br>8. **Pagsasaayos ng pagganap.** Isama ang mga detalyeng magpapakita ng paggalaw at emosyon ng mga tauhan sa bawat eksena. Iyaking mahuhuli ang damdamin at kilos sa bawat *frame* ng *story board.*<br>9. **Pagsusuri at pagbuo ng borador**. Suriin ang *story board* kung ito ay nagpapakita ng maayos na pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari. Tiyaking malinaw at organisado ang bawat bahagi ng *story board.*<br><br>Sa bawat hakbang, mahalagang maging detalyado at organisado dahil ito ang magbibigay-daan sa mahusay na *comic book brochure.*<br><br>**LAHAD-HALIMBAWA:** Pag-aralan ang mga halimbawang *comic book brochure.* Ano ang iyong napapansin? Ilahad ito sa klase.<br><br>***(Tingnan ang pahina 7-8 ng Sagutang Papel)***<br><br>**3. Paglalapat at Pag-uugnay**<br><br>**SULAT-SANAYSAY:** Nasimulan na sa ikalawang kuwarter ang pagsulat ng sanaysay tungkol sa napiling pangunahing tauhan sa nabasang epiko. Isulat ngayon ang pinal na kopya ng sanaysay.<br><br>**BUO-*OUTLINE*:** Bumuo ng *outline* ng gagawing *comic book brochure* para mas mapagaan ang gawain. | Sasagutan naman ng guro ang mga tanong na may kaugnayan sa gagawing proyekto.<br><br>Maaaring gumawa ng sarbey kung ano na ang nagawa/di nagawa ng mga bata.<br><br>Ipaalala sa mga mag-aaral ang napagkasunduang iskedyul ng pagpasa ng proyekto.<br><br>Ikatlong Araw, Linggo 7<br><br>Maaaring pumili ng panonoorin ng klase para sa karagdagang kaalaman:<br><br>1. Pamagat: *How to Make a Brochure*<br>Haba: 11 minuto<br>*Link*: https://www.youtube.com/watch?v=ukLIYgRloWU |

| *Bilang/ Yugto* | *Eksena o Pangyayari* |
|---|---|
| 1 | |
| 2 | |
| 3 | |
| 4 | |
| 5 | |

**GUHIT-*THUMBNAILS*:** Magsimulang gumuhit ng *thumbnails o sketches* batay sa nabuong *outline*. Isulat na rin ang mga dayalog at *caption* sa istrip na naglalarawan sa tauhan.



2. Pamagat:
*How to Make a Mini-comic*
Haba: 7 minuto
*Link*:
https://www.youtube.com/watch?v=xTas-HUf9Wk

3. Pamagat:
*4-Panel Folding*
Haba: 17 segundo
*Link*:
https://www.youtube.com/watch?v=ARIhshQf8v0

Kung may angkop na gadyet ang mga bata ay maaaring sa kompyuter gawin ang *comic book brochure.*

Ipahanda ang mga kagamitan sa pagbuo ng *brochure.*

Maaaring pagpipilian ang mga mungkahing gawain batay sa kakayahan ng mga bata.

Subaybayan ang pagpapagawa ng mga burador.

**D. Paglalahat**
***(Abstractions)***

**1. Pabaong Pagkatuto**

**Gawing gabay ang konsepto sa pagtalakay at lubos na pagpapahalaga sa natutuhan sa aralin.**

**BINTANA ng PAG-UNAWA:** Balikang muli ang napag-aralan upang iugnay ang iba pang konsepto at kaisipan.

***Comic Book Brochure***

| **Elementong Biswal at Multimodal** | **Etikal na Pananagutan** |
| --- | --- |
| **Wastong Pagkukuwento** | ***Netiquette*** |

**2. Pagninilay sa Pagkatuto**

**GABAY-NILAY:** Dugtungan ang mga pahayag batay sa iyong karanasan.

Sa pagtatapos ng kuwarter 3:

- Nalaman kong ______________________________________.
- Naranasan kong ____________________________________.
- Naramdaman kong __________________________________.
- Para sa akin, masusunod ko ang *netiquette* sa pamamagitan ng __.

**E. Pagtataya**

**LAHAD-GAWA:** Ipasa sa guro ang nabuong borador para sa mga puna at pagmamarka.

<table>
<tr><td rowspan="5">A. Pagbuo ng Anotasyon</td><td>Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.</td><td>Epektibong Pamamaraan</td><td>Problemang Naranasan at Iba pang Usapin</td></tr>
<tr><td>Estratehiya</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Kagamitan</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Pakikilahok ng mga Mag-aaral</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>At iba pa</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>B. Pagninilay</td><td colspan="3">Gabay sa Pagninilay:<br>▪ <u>Prinsipyo sa pagtuturo</u><br>Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin?<br>Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?<br>▪ <u>Mag-aaral</u><br>Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin?<br>Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?<br>▪ <u>Pagtanaw sa Inaasahan</u><br>Ano ang aking nagawang kakaiba?<br>Ano ang maaari kong pang gawin sa susunod?</td></tr>
</table>

| | |
|---|---|
| ***Inihanda ni:*** RACHEL C. PAYAPAYA | ***Sinuri ni:*** JOEL C. MALABANAN, PhD |
| ***Institusyon:*** Philippine Normal University-Mindanao | ***Institusyon:*** Philippine Normal University-Manila |